Palabas na **balita**

# Pinapadali ang pagpili sa Alberta

Oktubre 04, 2022

## Tinutulungan ng pamahalaan ng Alberta ang mga bagong dating na makahanap ng tahanan at magtagumpay sa Alberta gamit ang isang bagong webpage na sumusuporta sa mga imigrante na may impormasyon at mapagkukunan sa 15 iba't ibang mga wika.

Kung may isang taong nag-iisip na pumunta sa Alberta, ang website ng Oportunidad sa Alberta (Opportunity Alberta) at gabay ay magagamit na ngayon upang tulungan silang magpasya. Mahahanap ng mga bagong dating ang kanilang kinabukasan sa ating lalawigan, at ang mga naisaling mapagkukunang ito ay tutulong sa kanila na mahanap ang impormasyong kailangan nila. Paparating man sila upang magsimula ng isang negosyo, sumasali sa ating mga pangmundong-klaseng paaralan, o naghahanap ng trabaho, narito ang suporta at naghihintay ang kanilang mga pangarap.

"Ang pamahalaan ng Alberta ay nakatuon sa paghahanap ng mga praktikal na paraan upang alisin ang mga hadlang sa matagumpay na pagsasama ng mga imigrante sa ating lalawigan. Ang pagbabago ngayon ay isang mahalagang hakbang upang matiyak na ang Alberta ay nananatiling isang lugar ng oportunidad para sa lahat na gamitin ang kanilang mga ideya sa negosyo, makahanap ng makabuluhang trabaho at bumuo ng isang pamilya."

*Jason Kenney, Premiyer*

Gamit ang gabay sa kanilang mas gustong wika, ang mga tao ay maaaring matuto nang higit pa tungkol sa mga inisyatiba tulad ng Programa ng Kapakinabangan sa

Imigrasyon ng Alberta (Alberta Advantage Immigration Program) ng pamahalaan. Maraming mga landas para sa pamahalaan na magmungkahi ng mga tao para sa permanenteng paninirahan sa pamamagitan ng mga streams na nakatuon sa mga lugar na tulad ng pagpapanibago ng kanayunan, mga dayuhang nagtapos at mga pansamantalang dayuhang manggagawa.

Nangako ang Plano ng Aksyon ng Pagiging Patas sa mga Bagong Dating ng Alberta (Alberta's Fairness for Newcomers Action Plan) na aalisin ang mga hadlang upang madala ng mga bagong dating ang kanilang pagnanais na magnegosyo at mga kasanayan sa Alberta. Isa ito sa maraming mga pagbabagong ginawa para maalis ang mga hadlang na ito. Habang ang populasyon ng lalawigan ay patuloy na lumalaki at nagiging mas magkakaiba, ang pamahalaan ng Alberta ay nakatuon sa pagbibigay ng impormasyon at mga mapagkukunan upang suportahan ang mga oportunidad para sa lahat ng mga Albertan.

Bisitahin ang alberta.ca/opportunity upang matuto nang higit pa at i-download ang gabay sa mga sumusunod na wika.

- Ingles
- Pranses
- Espanyol
- Tagalog
- Tsino (pinasimple at tradisyunal)
- Arabo
- Hindi
- Koreano
- Persian
- Somali
- Punjabi
- Urdu
- Vietnamese
- Ukrainian

Ang Alberta Advantage Immigration Program ay isang programang pang-ekonomiya na nagmumungkahi ng mga tao para sa permanenteng paninirahan sa Alberta. Ang pederal na pamahalaan ang gumagawa ng panghuling desisyon.

## Kaugnay na impormasyon

- Oportunidad sa Alberta (Opportunity Alberta)

